

APPLIED LEARNING CHINESE

(para sa mga estudyanteng hindi marunong magsalita ng Tsino)



Seksiyon ng Ginagamit na Pagkatuto
Surian ng Pagpapahusay sa Kurikulum
Kawanihan ng Edukasyon

Mga Layunin

Ang Applied Learning Chinese (para sa mga estudyanteng hindi marunong magsalita ng Tsino) (ApL(C)) ay sinimulan upang magbigay ng karagdagang daan na para lamang sa mga estudyanteng hindi marunong magsalita ng Tsino o non-Chinese speaking (NCS) na tumutupad sa partikular na mga sitwasyon* upang makuha ang alternatibong kwalipikasyon sa wikang Tsino upang mapahusay ang karagdagang mga pag-aaral at kakayahang matanggap sa trabaho.

* Ang partikular na mga sitwasyon ay

- ang mga estudyante ay natuto sa wikang Tsino nang wala pang anim na buwan habang tumatanggap ng edukasyong primarya at sekundarya; o
- ang mga estudyante ay natuto sa wikang Tsino sa anim na buwan o higit pa sa paaralan, ngunit tinuruan nang isang iniangkop at mas simpleng kurikulum na mailalapat sa karamihan sa mga estudyante sa lokal na mga paaralan.

Mga Tampok

Ang ApL(C) ay dinisenyo mula sa perspektibo ng mga nag-aaral ng ikalawang wika at nagbibigay ng huwarang kontekto ng ginagamit na pagkatuto o applied learning para sa mga estudyante upang matuto ng iba't ibang uri ng mga gawain (hal., araw-araw na pasalitang komunikasyon, pagganap ng papel (role play), talakayan ng pangkat, pagbisita, at praktikal na pagbasa at pagsulat gamit ang larangan ng "Mga Serbisyo" bilang kontekto para sa pagkatuto ng wika sa unang yugto).



Ang Asignatura

Ang asignatura ng ApL(C) ay tulad ng sumusunod:

Pasalitang Komunikasyon (Cantonese)

- pagkilala sa mga tunog at pagbigkas ng Cantonese, bokabularyo at balarila na ginagamit sa Hong Kong; pag-unawa sa mga pahayag pabalbal at karaniwang mga salita; at pagpapahusay ng pasalitang komunikasyon at mga kakayahang panlipunan kabilang ang iba't ibang tunog, ekspresyon ng mukha at wika ng katawan upang ipahayag ang iba't ibang kahulugan at emosyon para sa pang-araw-araw na gawain sa trabaho (hal., pangangasiwa ng mga tanong, pagbibigay ng panimula at paliwanag, maikling presentasyon at pagsasagawa ng interbyu).

Pagbasa

- pagkilala ng mga salita at ekspresyon na karaniwang ginagamit sa praktikal na mga teksto; pagbasa ng impormasyon mula sa praktikal na mga teksto na natatagpuan sa mga konteksto ng pang-araw-araw na buhay at trabaho, hal., mga circular, email at mga plano sa trabaho; pag-unawa at pagbibigay-kahulugan sa mahalagang mga mensahe na nasa konteksto; at paggamit ng mga kasangkapan tulad ng mga diskunaryo upang padaliin ang pagbabasa.

Pagsulat

- pagkilala ng mga salita, ekspresyon, at banghay ng pahayag na karaniwang ginagamit sa mga praktikal na teksto; pagsulat ng mga praktikal na teksto tulad ng mga mensahe, email, rekord, at liham; at paggamit ng mga kasangkapan at sangguniang materyales upang makumpleto ang gawain ng pagsusulat.

Artikulasyon



- **Para sa karagdagang mga pag-aaral**

Ang mga institusyon na tinutustusan ng University Grants Committee at ang karamihan sa mga institusyon pagkatapos ng sekundaryo ay tumatanggap sa ApL(C) bilang isang alternatibong kwalipikasyon sa Wikang Tsino para sa pagtanggap ng mga estudyante ng NCS na may "Attained" bilang pinakamababang grado na kinakailangan.

- **Para sa trabaho**

Ang Kawanihan ng Serbisyo Sibil ay tumatanggap sa "Attained" at "Attained with Distinction" sa ApL(C) bilang nakatutugon sa mga kinakailangan sa kahusayan sa wikang Tsino ng kaugnay na mga ranggo sa serbisyo sibil.

Pagtanggap

- Ang ApL(C) ay ipinapatupad nang yugto-yugto simula sa 2014/15 taong pampaaralan.
- Hindi kailangang bayaran ng mga estudyante ang mga bayarin sa kurso. Ganap na susubsidyuhan ng Kawanihan ng Edukasyon ang mga paaralan sa pagbabayad ng mga bayarin sa kurso para sa ApL(C).
- Ang aplikasyon para sa ApL(C) ay **DAPAT** gawin sa mga paaralan.
- Dapat tumulong ang mga paaralan sa mga estudyante na nagsasaalang-alang ng pag-aplay para sa ApL(C) batay sa kanilang kakayahan sa wika, interes at mga hangarin.
- Isinasaayos ng mga tagapagkaloob ng kurso ang proseso ng pagpasok para sa mga estudyante.

Pagkakaayos ng Oras ng Aralin

Mga Modyul	Oras ng Aralin (270 oras lahat)		
	ApL(C) I (Antas 1 ng QF#)	ApL(C) II (Antas 2 ng QF#)	ApL(C) III (Antas 3 ng QF#)
Pasalitang komunikasyon (Cantonese)	18 oras	18 oras	40 oras
Pagbasa	27 oras	27 oras	55 oras
Pagsulat	20 oras	20 oras	45 oras
Bahagyang Kabuuan	65 oras	65 oras	140 oras

Balangkas ng Kwalipikasyon



Pagkilala

- Kwalipikasyon ng Hong Kong Diploma of Secondary Education (HKDSE)**

Ang mga resulta ng ApL(C) ay iniuulat bilang “Attained” (Nakamit) at “Attained with Distinction” (Nakamit nang may Pagkilala) sa HKDSE.

- Mga Balangkas ng Kwalipikasyon (QF)**

Bukod pa sa kwalipikasyon sa HKDSE, ang ApL(C) ay nakatakda rin sa Antas 1-3 ng QF. Ang mga estudyante ay makakukuha ng (mga) katunayan ng QF na inisyu ng mga tagapagkaloob ng kurso pagkatapos matugunan ang mga kinakailangan sa pagtatasa at pagpasok ng iba’t ibang Antas ng ApL(C).

Antas Mga Modyul	ApL(C) I (Antas 1 ng QF)	ApL(C) II (Antas 2 ng QF)	ApL(C) III (Antas 3 ng QF)
Pasalitang Komunikasyon (Cantonese)	Sertipiko	Sertipiko	Sertipiko
Pagbasa	Sertipiko	Sertipiko	Sertipiko
Pagsulat	Sertipiko	Sertipiko	Sertipiko
	Sertipiko ng Antas 1 ng QF	Sertipiko ng Antas 2 ng QF	